

## PANALANGIN PARA SA MGA NASALANTA NG MALAKAS NA LINDOL SA SILANGANG HAPON II

Ama naming mapagmahal

Ikaw na nagpamalas sa amin ng tunay na pagmamahal at kalinga,

Inilalagay namin sa iyo ang aming pag-asa at tiwala.

Ngayon po ay patuloy kaming nananalangin para sa mga biktima ng kalamidad na naganap sa silangang bahagi ng Japan

Lalong-lalo na sa mga taong nababahala sa maaring maidulot ng kapahamakan ng nuclear.

Ama naming mapagmahal, ipinapanalangin din po namin na patuloy ninyo silang bigyan ng lakas ng loob at magkaroon ng pag-asa sa kanilang buhay.

At dalhin ninyo sa inyong piling ang mga yumao naming kapatid.

Naway patuloy naming maipamalas na si Kristo, na siyang bumuhat sa lahat ng aming mga pasakit at paghihirap ay laging naririyang sa aming piling.

Ang lahat ng ito ay dinadalangin namin sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon, Amen.



